

## **PANGKALAHATANG IMPORMASYON PARA SA BOTANTE**

Upang makaboto sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 5, 2024, kailangang magparehistro sa Tagapagrehistro ng mga Botante bago mag-Lunes, Oktubre 21, 2024. Maaari kayong kumuha ng *form* para sa pagpaparehistro ng botante sa Tanggapan ng Koreo, Pamublikong Aklatan, Munisipyo (2180 Milvia), Kagawaran ng mga Sasakyang may Motor, sa Tagapagrehistro ng mga Botante, o online sa <https://www.acvote.org/voting/register-to-vote>

## **MAHAHALAGANG PETA PARA SA MGA BOTANTE**

### **Lunes Oktubre 7**      **MGA BALOTANG VOTE-BY-MAIL (PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO)**

Unang araw na ipadadala ang mga Balotang *Vote-by-Mail* sa koreo ng Tagapagrehistro ng County ng Alameda.

<http://www.acgov.org/rov/>

### **Lunes Oktubre 22**      **PAGSASARA NG REHISTRASYON NG BOTANTE**

Ito ang huling araw ay maaaring magparehistro upang maging karapat-dapat na bumoto sa halalang ito. Kung kayo ay isang mamamayan ng Estados Unidos, hindi nakakulong o nakapailalim sa *parole* dahil sa isang mabigat na kasalanan, at kung kayo ay magiging 18 taong gulang sa o bago ang Araw ng Halalan, kayo ay karapat-dapat na magparehistro upang makaboto.

### **Martes Nobyembre 5**      **ARAW NG HALALAN**

Ang botohan sa Araw ng Halalan ay magbubukas ng 7:00 ng umaga, at magsasara ng 8:00 ng gabi. Ang lokasyon ng mga Sentro para sa Pagboto at ang mga Drop Box ay makikita sa

<https://www.acvote.org/voting/ways-of-voting>

## **MAHALAGANG IMPORMASYON PARA SA PAKIKIPAG-UGNAYAN**

Kagawaran ng Klerk ng Lungsod  
2180 Milvia Street, 1<sup>st</sup> Floor  
Berkeley, CA 94704  
(510) 981-6900 Telepono  
(510) 981-6903 TDD  
(510) 981-6901 FAX  
[www.berkeleyca.gov](http://www.berkeleyca.gov)  
[elections@berkeleyca.gov](mailto:elections@berkeleyca.gov)


County ng Alameda  
Tanggapan ng Tagapagrehistro  
ng mga Botante  
1225 Fallon Street, Rm. G-1  
Oakland, CA 94612-4283  
(510) 272-6973 Telepono  
(510) 208-4967 TDD  
(510) 272-6982 FAX  
<https://www.acvote.org/index>

## **MAGING ISANG POLL WORKER!!!**

Ang pinagkakatiwalaang posisyon na ito ay akma sa sa sinuman na nagnanais alamin kung paaano tumatakbo ang proseso ng botohan, habang nagbibigay sa kanilang mga kapitbahay ng pagkakataon na makaboto, at mayroon pang kita!

Ang mga botante na BILINGWAL (may kasanayan sa dalawang wika) ay hinihikayat na mag-aplay!

Kung kayo ay interesado na maging *Poll Worker*, tawagan ang County sa (510) 272-6971, o kumpletuhin ang aplikasyon sa online sa:  
<https://www.acvote.org/community/become-an-election-worker>



# **IMPORMASYON TUNGKOL SA HALALAN**

## **PANGKALAHATANG HALALANG MUNISIPAL**

**NOBYEMBRE 5, 2024**

## **IMPORMASYON NG KANDIDATO**

Ang isang rehistradong botante ng Lungsod ay maaaring imungkahi bilang kandidato at tumakbo para sa isa sa mga sumusunod na posisyon:

Alkalde, Konseho ng Lungsod ng mga Distrito ng 2, 3, 5, 6; Direktor ng Paaralan (2 na posisyon); Komisyoner ng Lupon sa Pagpapatag ng Renta (4 na posisyon).

Ang termino ng bawat katungkulan ay may bisa mula Disyembre 1, 2024 hanggang Nobyembre 30, 2028.

## **MAHAHALAGANG PETSAS PARA SA MGA KANDIDATO**

<b>Biyernes Mayo 31</b>	<b>LAGDA BILANG KAPALIT NG BAYAD SA PAGHAHAIN</b> Unang araw ng pagkuha ng mga <i>form</i> ng petyisyon para sa Lagda Bilang Kapital ng bayad sa paghahain mula sa Klerk ng Lungsod.
<b>Lunes Hulyo 15</b>	<b>PAGBUBUKAS NG MGA NOMINASYON</b> Unang araw na ang mga Dokumentong Nominasyon ay maaaring makuha mula sa Klerk ng Lungsod.
<b>Biyernes Agosto 9</b>	<b>PAGSASARA NG MGA NOMINASYON</b> Huling araw ng paghahain ng mga Dokumentong Nominasyon sa Klerk ng Lungsod. Lahat ng mahahalagang dokumento ay kailangang maisumite ng sabay-sabay.
<b>Sabado Agosto 10</b>	<b>EKSTENSYON NG NOMINASYON</b> Ang panahon ng paghahain ay pahahabain <u>lamang</u> para sa hindi kasalukuyan na nanunungkulan at kung ang isang kasalukuyang nanunungkulan na maaaring muling ihalal ay hindi naghain bago mag-Agosto 9 <u>lamang</u> .

## **MGA KINAKAILANGAN PARA SA PAGHAHAIN NG KANDIDATURA**

### **PANINIRAHAN**

Ang isang kandidato ay dapat na isang mamamayan ng Estados Unidos at isang rehistradong botante ng Estado ng California at ng Lungsod ng Berkeley sa panahon ng pag-isyu ng mga dokumento ng nominasyon. Bawat kandidato para sa Konseho ng Lungsod ay dapat na isang residente ng kanyang distrito sa loob nang 30 araw bago ang petsa ng paghahain para sa kandidatura at kailangang patuloy na manirahan sa loob ng distrito sa panahon ng kanyang panunungkulan sa tanggapan.

### **MGA DOKUMENTO NG NOMINASYON**

Bawat kandidato ay dapat na iminungkahi bilang kandidato nang hindi bababa sa 20, at hindi hihigit pa sa 30, na mga rehistradong botante. Ang mga kandidato para sa tanggapan ng distrito ay maaaring imungkahi ng mga rehistradong botante ng distrito. Ang isang kandidato ay maaaring pumirma sa kanyang dokumento ng nominasyon. Walang botante ang maaaring pumirma ng higit sa isang dokumento ng nominasyon para sa parehong tanggapan. Bawat posisyon ng namamahalang pangasiwaan ay itunuturing na magkahiwalay na tanggapan.

### **PAHAYAG NG KANDIDATO**

Ang kandidato ay maaaring maghanda ng isang pahayag ng mga kuwalipikasyon ng kandidato (kabilang ang isang litrato at mga masasangguni) upang maisama sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante na ipadadala sa koreo sa lahat ng mga rehistradong botante. Ang pahayag ay kailangang maisumite sa kasabay ng paghahain ng mga dokumento ng nominasyon.

### **BAYAD SA PAGHAHAIN**

Ang mga kandidato ay kailangang magbayad ng deposito para sa paghahain na \$150 sa panahon na ang mga dokumento ng nominasyon ay inisyu. Ang isang kandidato ay maaaring magsumite ng mga lagda bilang kapital ng bayad para sa paghahain.

## **PAHAYAG PARA SA MGA EKONOMIKONG INTERES**

Ang isang pahayag ng mga ekonomikong interes ay kailangang isumite kasabay ng paghahain ng mga dokumento ng nominasyon.

### **MGA PAGPAPAHAYAG NG KAMPANYA**

Ang mga kandidato ay kinakailanangang maghain, sa Klerk ng Lungsod, ng isang pabatid ng hangarin na tumakbo para sa tanggapan, at magsaayos ng isang *account* sa bangko para sa kampanya kung sila ay makakalikom o gagastos ng \$1,000 o higit pa. Bawat kandidato at komite ay kailangan din na magsumite ng mga pahayag ng kampanya at ng mga kopya ng maramihang pagpapadala sa koreo sa Klerk ng Lungsod sa buong panahon ng halalan. Ang mga komite na makakalikom o gagastos ng \$1,000 o higit pa ay kailangang magsumite sa elektronikong paraan. Ang mga kopya ng mga naturang paghahain ay nakahanda para sa inspeksyon ng publiko sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod at ilalagay sa *website* ng Lungsod. Ang mga pondong panumbas ng Publiko ay maaaring makuha ng mga kuwalipikadong kandidato.

### **MGA SUWELDO**

Ang Alkalde ay tumatanggap ng suweldo na \$10,708.33 kada buwan. Ang mga Miyembro ng Konseho ay tumatanggap ng suweldo na \$6,746.25 kada buwan. Ang mga Direktor ng Paaralan ay tumatanggap ng \$1,500 kada buwan. Ang mga Komisyoner ng Lupon ng Renta ay tumatanggap ng \$500 kada buwan.

### **PAGBOTONG RANKED-CHOICE**

Ang mga botante ng Berkeley ay gumagamit ng *Ranked-Choice Voting* (RCV) simula pa noong Nobyembre 2010. Sa paraang ito pinahihintulutan ang botante na i-ranggo ang mga kandidato ayon sa nagugustuhan, at inaalis ang mga pangangailangan para sa mga *run-off* na halalan.

Sa 2024, ang mga botante ng Berkeley ay gagamit ng RCV upang ihalal ang mga manunungkulan sa tanggapan ng Alkalde at ng mga Konseho ng Distrito 2, 3, 5, at 6. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa *Ranked-Choice Voting* ay makikita sa:

<http://www.acgov.org/rov/rcv/>